Mga Bakuna

Para sa Nagbubuntis





Kung ikaw ay nagbubuntis, ang mga bakuna ay maaaring parehong makapagprotekta sa iyo at iyong sanggol mula sa mga napipigilang sakit. Ang mga bakuna ay nagtuturo sa iyong katawan na matuklasan ang mga mapanganib na virus o bakterya at lumikha ng espesyal na mga panlaban ng katawan (antibodies) para mapanatili kang malusog at ang iyong sanggol. Kapag nabakunahan ka sa panahon ng pagbubuntis, ang ilan sa iyong mga panlaban ng katawan (antibodies) ay ipinapasa sa iyong sanggol bago ka manganak. Ang mga panlaban ng katawan (antibodies) na ito ay nagbibigay ng proteksyon sa iyong sanggol laban sa malubhang sakit sa unang ilang buwan ng buhay.

Narito ang Kailangan Mong Malaman:

- Ang mga bakuna ay ligtas sa panahon ng pagbubuntis para sa mga nagbubuntis at kanilang mga sanggol.
- Ang pagbabakuna sa panahon ng pagbubuntis ay ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan ang mga bagong panganak mula sa malubhang sakit, lalo na dahil hindi pa sila maaaring makakuha ng mga bakuna.

Mga Bakuna na Kailangan sa Panahon ng Pagbubuntis

Bakuna sa Tdap:

- Kumuha ng bakuna sa Tdap sa panahon ng ika-27 hanggang ika-36 ng bawat pagbubuntis upang makatulong na maprotektahan ang iyong sanggol mula sa pertussis (dalahit na ubo).
- Ang dalahit na ubo ay lalong matindi para sa mga bagong panganak at maaaring maging banta sa buhay.

Bakuna sa COVID-19:

- Ang bakuna sa COVID-19 ay ligtas na matanggap sa anumang punto sa panahon ng iyong pagbubuntis.
- Ang mga nagbubuntis ay mas malamang na magkasakit ng malubha sa COVID-19 kumpara sa hindi nagbubuntis.
- Ang pagtanggap ng binagong bakuna laban sa COVID-19 ay nagbibigay ng proteksyon sa iyong bagong panganak sa mga unang buwan ng buhay hanggang sa maaaring makatanggap ng kanilang sariling bakuna laban sa COVID 19 sa 6 na buwang edad.

Bakuna sa RSV:

- Ang mga nagbubuntis ay maaaring makakuha ng isang dosis ng respiratory syncytial virus (RSV) habang nasa ika-32 hanggang ika-36 ng pagbubuntis sa loob ng Septyembre hanggang Enero para pumrotekta sa kanilang bagong panganak laban sa RSV. Ang RSV ay nagsasanhi ng bronchiolitis at pulmonya sa mga napakabatang mga sanggol.
- Para mapigilan ang malubhang sakit ng RSV sa mga sanggol, alinman sa pagbabakuna sa ina o imunisasyon ng sanggol ng nirsevimab pagkatapos ng panganganak sa panahon ng RSV ay inirerekomenda. Karamihan sa mga sanggol ay hindi kailangan ng pareho.

County of Los Angeles Public Health

Mga Bakuna
Para sa Nagbubuntis



Bakuna sa Trangkaso:

- Ang bakuna sa trangkaso ay ligtas na tanggapin kahit kailan habang ikaw ay nagbubuntis.
- Ang mga buntis ay mas malamang na magkaroon ng malubhang sakit mula sa trangkaso.
- Ang mga sanggol na mas bata pa sa 6 na buwan ay may pinakamataas na panganib na mahospital dahil sa trangkaso kumpara sa mga batang may ibang edad.
- Ang pagiging laging napapanahon sa bakuna laban sa trangkaso ay nagbibigay ng proteksyon para sa iyo at iyong bagong panganak sa mga unang buwan ng buhay hanggang sa ang iyong sanggol ay maaari ng makatanggap ng kanilang sariling bakuna sa trangkaso.

Bakuna sa Hepatitis B:

- Ang mga taong nagbubuntis na hindi pa dati nabakunahan laban sa hepatitis B ay dapat kumuha ng bakuna sa Hep B habang nagbubuntis para protektahan ang kanilang sarili at ang kanilang sanggol mula sa impeksyon at mga sakit na sanhi ng hepatitis B na mikrobyo. Ang Hepatitis B ay maaaring magsanhi ng pangmatagalang pinsala sa atay.

Mga Bakuna na Kailangan ng mga Bagong Panganak sa Kapanganakan

Bakuna sa Hepatitis B:

- Dapat makuha ng iyong bagong panganak ang unang dosis ng bakuna laban sa Hepatitis B sa loob ng 24 na oras ng kapanganakan upang maprotektahan sila mula sa impeksyon sa Hepatitis B.

Iniksyon sa RSV (Nirsevimab):

- Kung hindi ka nakatanggap ng bakuna sa RSV habang nagbubuntis o kung ang iyong sanggol ay ipinanganak sa loob ng 14 na araw simula ng natanggap ang bakuna sa RSB, ang iyong bagong panganak ay dapat makatanggap ng isahang dosis ng nirsevimab bago o habang nasa panahon ng RSV para maprotektahan sila mula sa malubhang sakit. Ang RSV ay ang pinakapangkaraniwang sanhi ng pagkakahospital ng bagong ipinanganak na sanggol.

Ang iyong sanggol ay makakatanggap din ng antibiotic na mga pamatak sa mata, iniksyon na Bitaminang K, at simpleng pagsusuri sa dugo para sa pananala ng bagong ipinanganak. Kung mayroon kang mga katanungan sundan ng pakikipag-usap muli (follow-up) sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang kalusugan bago manganak.

Sentro ng Tawagan para sa Pampublikong Kalusugan (Public Health Call Center)

Para sa mas maraming impormasyon, ang Sentro ng Tawagan para sa Pampublikong Kalusugan ay bukas ng 8 ng umaga hanggang 8 ng gabi pitong araw sa isang linggo sa **1-833-540-0473**.